

RELEASED


DepEd, Division of Catanduanes
RECORDS SECTION

Republic of the Philippines
Department of Education
Region V (Bicol)

SEP 13 2017

1:45 PM

Initial/Signature: *[Signature]*



DIVISION OF CATANDUANES
Virac, Catanduanes



Email Add: catanduanes@deped.gov.ph / catanduanesdiv15@gmail.com
Website: www.depedrovcatanduanes.com Tel No.: (052) 811-40-63

Setyembre 13, 2017

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 13, 2017

**2017 PANSANGAY NA PATIRIBAYAN SA FILIPINO
(TAGISAN NG TALENTO)**

Sa mga: Punong Tagamasid
Tagmasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Prinsipal (Elementarya at Sekundarya)
Koordineytor sa Filipino (pampaaralan/pandistrito/pangmunisipal)

1. Kalakip nito ang panuntunan at pamantayan para sa 2017 Pansangay na Patiribayan sa Filipino na gaganapin sa unang linggo ng Nobyembre 2017 (tentative). Ang patiribayang ito ay bukas sa elementarya at sekundarya; Ispeling: Iisipel Mo! sa Baitang 6, Dagliang Talumpati sa Baitang 11/12, at Interpretatibong Pagbasa naman sa Baitang 7-10.
2. Ang mga lalahok sa Pansangay na Patiribayan/Tagisan ng Talento ay ang mga nanalo lamang ng unang puwesto sa pangmunisipal na patimpalak na minumungkahing ganapin sa huling linggo ng Oktubre ng kasalukuyang taon.
3. Ang mga koordineytor sa Filipino (pampaaralan/pandistrito/pang munisipal) na guro at prinsipal ang mamumuno ng pangmunisipal na patiribayan sa gabay ng kanilang mga tagamasid pampurok.
4. Ang pampaaralang eliminasyon ay kabilang sa mga gawaing paghahanda para sa pangmunisipal na patiribayan.
5. Ang magkakamit ng unang puwesto sa Pansangay na Patiribayan ay magiging kalahok sa Panrehiyong Paligsahan .
6. Para sa malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

[Signature]
SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI
Tagapamanihala

2017 BICOL PATIRIBAYAN FESTIVAL SA FILIPINO (TAGISAN NG TALENTO)

Diskripsyon: Ang Panrehiyong Patiribayan sa Filipino ay taunang paligsahan na naglalayong mataya ang mga taglay na tanging kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino sa pamamagitan ng makabuluhang paligsahan sa larangan ng wika at panitikan at mapili ang pinakamahusay na kakatawan sa rehiyon sa pambansang paligsahan.

Kategorya: I- Elementarya

- Paligsahan sa Ispeling: Ispel Mo!
Baitang 6

II- Sekundarya

- Daglang Talumpati
Baitang 11/12
- Interpretatibong Pagbasa
Baitang 7-10

Antas: Pampaaralan, Pansangay, Panrehiyon at Pambansa

Panuntunan at Pamantayan:

1. PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO

A. Kalahok

- Bukas ang paligsahan sa mag-aaral sa Baitang 6.
- Ang nararapat na lumahok sa paligsahan ay ang nanguna sa pansangay na paligsahan. Isang (1) kinatawan lamang sa bawat Sangay.
- Ang kalahok ay may gabay na isang tagapagsanay.

B. Panuntunan

- Ang bawat tagapagsanay ang maghahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan batay sa KWF Ortograpiyang Pambansa at UP Diksyonaryong Filipino. Tig-dalawang salita lamang na nakapaloob sa pangungusap (encoded, arial 14 font size, bond paper) para sa kategoryang madali, katamtaman at mahirap ang isusumite 30 minuto bago magsimula ang paligsahan.
- Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng mga kalahok. Bibigyan ng 7 segundo upang maisulat ang kaniyang sagot.
- Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

MADALI	10 aytem x 2 puntos	= 20 puntos
KATAMTAMAN	10 aytem x 3 puntos	= 30 puntos
MAHIRAP	10 aytem x 5 puntos	= 50 puntos

Kabuoan 100 puntos
- Ang mga kalahok ay kinakailangang nakasuot ng puting t-shirt at pantalong maong sa araw ng paligsahan.
- Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling Panrehiyong Kampeon ng IISPEL MO! At siyang kakatawan sa rehiyon sa Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Ispel Mo! sa Nobyembre 28-30, 2017, National Educators Academy of the Philippines (NEAP), DepEd-NCR, Lungsod Marikina.

2. DAGLIANG TALUMPATI

A. Kalahok

- Bukas ang paligsahan sa mag-aaral na nasa Senior High School.
- Ang nararapat lumahok ay ang mag-aaral na nagkamit ng unang puwesto sa Pansangay na paligsahan.
- Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay

B. Panuntunan

- Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan
- Siya ay bibigyan lamang ng tatlong (3) minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok
- Ang bawat kalahok ay bibigyan ng dalawa (2) hanggang tatlong (3) minuto upang magtalumpati. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

1-30 segundo	=	.5 puntos
31-60 segundo	-	1 puntos
61 segundo – pataas	-	2 puntos
- Itataas ang bandilang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at bandilang pula na tapos na ang itinakdang oras.
- "Corporate attire" ang inaasahang kasuotan ng kalahok
- Ang kalahok na nagkamit ng unang puwesto ang kakatawan sa rehiyon sa Pambansang Tagisan ng Talento 2018 (National Festival of Talents)

C. Pamantayan

Katapatan – (35%)

- Kaugnayan sa paksa – 20%
- Pagbibigay – diin o damdamin – 15%

Hikayat – (25%)

- Dating sa madla – 5%
- Kakanyahang pantanghalan – 5%
- Kilos, galaw, kumpas – 10%
- Expresyon ng mukha – 5%

Tinig – (20%)

- Lakas – 5%
- Tagiting – 5%
- Kaangkupan ng diwa at damdamin – 10%

Bigkas – (20%)

- Matatas at maliwanag – 10%
- Wastong pagbubukod ng salita – 5%
- Diin/himig – 5%

3. Interpretatibong Pagbasa (Pagbibigay interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)

A. Mga Kalahok

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral na binubuo ng isang pangkat mula sa Baitang 7, 8, 9 at 10.
- Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang pangkat ng mag-aaral na nagkamit ng unang puwesto sa Pansangay na paligsahan
- Ang bawat pangkat na kalahok ay binubuo ng apat (4) na mag-aaral sa gabay ng isang (1) tagapayo/tagapagsanay.

B. Panuntunan

- Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan
- Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok

- Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon
- Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda
- Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto, ganoon din ang mangyayari sa mga kasunod pang kalahok hanggang sa pinakahuling kalahok
- Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; at ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isang pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin na hindi rin dapat maririnig ang kanilang pagsasanay ng iba pang kalahok.
- Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa
- Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong maong at puting t-shirt
- Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok
- Walang anumang "props" o kagamitan, background music at instrument na maaring gamitin
- likot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib
- Ang kalahok na nakakuha ng unang puwesto ang kakatawan sa rehiyon sa Pambansang Tagisan ng Talento 2018 (National Festival of Talents)

C. Pamantayan

a. Katapatan – 40%

Pagpapalutang ng diwa – 20%

Pagbibigay – diin sa damdamin -20%

b. Hikayat – 20%

Pang-akit sa madla -5%

Pagbibigay buhay sa tauhan -5%

Tindig -5%

Kumpas/Kilos -5%

c. Tinig – 20%

Lakas -5%

Tagiting -5%

Kaangkupan ng diwa at damdamin – 10%

d. Bigkas = 20%

Matatas at maliwanag – 10%

May pagbubukod-bukod ng mga salita – 5%

May wastong diin at intonasyon – 5%

Paalala:

Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang electronic gadgets sa holding area at sa buong panahon ng pagtatanghal.

Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa holding area.

Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.

Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.

KASUNDUAN: ANUMANG DESISYON NG INAMPALAN AY PINAL.